## PRAYER

- Pasalamatan ang Diyos sa paggawa ng daan upang magkaroon ka ng tunay na ugnayan sa Kanya. Ipanalangin na patuloy kang lalago sa iyong ugnayan sa Kanya araw-araw.
- Ipanalangin na ipakita sa iyo ng Diyos ang anumang bahagi ng buhay mo na kailangang magbago upang maging matapat ka sa Kanya. Itanong sa Diyos kung ano ang kailangan mong baguhin sa mga bahaging ito at humingi ng kakayahan na sumunod sa Kanya.
- Hingin sa Diyos ang karunungan at lakas ng loob upang kumilos nang may katuwiran at hustisya sa mga ginagawa mo araw-araw. Ipanalangin na mapansin mo ang mga pagkakataon upang makahingi ng hustisya, maituwid ang pang-aapi, at maging asin at ilaw ngayong linggo.

## NOTES

VICTORY
Honor God. Make Disciples.

© 2021 by VICTORY®
Reserbado ang lahat ng karapatang pag-aari.

Lahat ng sipi ay mula sa ANG SALITA NG DIOS®
Karapatang Pag-aari © 2010 ng Biblica® Ginamit na may pahintulot mula sa Biblica Publishing & Distribution Foundation, Inc.® Reserbado ang lahat ng pag-aari.

victory.org.ph

SALT & LIGHT

# Ang Diyos Laban sa Maling Relihiyon

**WEEK 1**

## WARM-UP

- Mayroon ka bang paboritong tradisyon sa inyong pamilya o sambahayan? Magkuwento tungkol dito.
- Ibahagi ang isang pagkakataon na humingi ka ng tawad sa isang tao at ikinagulat mo na pinatawad ka niya.
- Naging bahagi ka ba ng isang pag-uusap o demonstrasyon tungkol sa isang bagay na para sa iyo ay may kawalan ng hustisya? Ano ang nangyari?

## WORD

*[16]"Linisin ninyo ang inyong sarili. Tigilan na ninyo ang paggawa ng kasamaan sa aking harapan. [17]Pag-aralan ninyong gumawa ng mabuti at pairalin ang katarungan. Sawayin ninyo ang mga nang-aapi at ipagtanggol ninyo ang karapatan ng mga ulila at mga biyuda."* **ISAIAS 1:16–17**

(Basahin din ang **ISAIAS 1:12–15, 18–20.**)

Sa bahaging ito ng propesiya ni Isaias sa Israel, ang mga mamamayan ng Diyos ay papunta sa isang lugar upang sumamba, magbigay ng handog, at isagawa ang mga ritwal na iniutos Niyang gawin nila. Subalit ang paraan nila ng pamumuhay ay puno ng *kasamaan* at marami silang *pinatay na tao*. (Isaias 1:13, 15). Ang katotohanan ay hindi nais ng Diyos ang mga walang kabuluhang ritwal mula sa atin, na hindi naman nagpapakita ng buhay sa Kanya. Tingnan natin ang tatlong bagay na ninanais ng Diyos sa ating ugnayan sa Kanya.

## 1 Nais ng Diyos ang ating katapatan.

*"Tigilan n'yo na ang pagdadala ng mga handog na walang silbi. Nasusuklam ako sa amoy ng mga insenso ninyo. Hindi ko na matiis ang mga pagtitipon n'yo kapag Pista ng Pagsisimula ng Buwan at kapag Araw ng Pamamahinga, dahil kahit na nagtitipon kayo, gumagawa kayo ng kasamaan."* **ISAIAS 1:13**

Nais ng Diyos na maging matapat tayo hindi sa mga ritwal na iniuugnay natin sa Kanya, kundi sa Kanya Mismo. Tama nga ang pagsasagawa ng mga Israelita ng kanilang mga ritwal—mga pagtitipon, paghahandog, at pista. Ngunit kasabay nito ay hayagan din silang nagkakasala laban sa Diyos. Hindi natin masasabi na mahal natin ang Diyos at patunayan ito sa pamamagitan ng mga walang kabuluhang ritwal habang ginagawa pa rin ang mga bagay na kinasusuklaman Niya. Ano ang ilan sa mga ritwal o tradisyon sa kasalukuyan na maaaring ginagawa mo nang walang kabuluhan?

## 2 Nais ng Diyos ng katuwiran at hustisya sa mga araw-araw nating ginagawa.

*"Pag-aralan ninyong gumawa ng mabuti at pairalin ang katarungan. Sawayin ninyo ang mga nang-aapi at ipagtanggol ninyo ang karapatan ng mga ulila at mga biyuda."* **ISAIAS 1:17**

Ang nais ng Diyos para sa atin ay ang gumawa ng mabuti at pairalin ang katarungan, at ito ay nangangailangan ng pagbabagong nagmumula sa ating kalooban at nakikita sa ating mga ginagawa. Higit pa rito, dapat din tayong lumayo sa kawalan ng hustisya, na nangangailangan naman ng pagsisisi. Dapat din tayong magsalita at personal na makibahagi kapag nakakakita tayo ng mga taong hindi nakakatanggap ng hustisya. Sinasabi sa atin ng Diyos na tayo ang asin at ilaw ng mundo (Mateo 5:13–14). Paano ka naudyok ng pagkakakilala mo kay Cristo upang kumilos nang may katuwiran at hustisya? Ano ang isang bagay na sa palagay mo ay pinapagawa sa iyo ng Diyos upang personal na makibahagi sa pagtataguyod ng katuwiran at hustisya?

## 3 Nais ng Diyos ng tunay na ugnayan sa atin.

*"Sinabi pa ng Panginoon, "Halikayo't pag-usapan natin ito. Kahit gaano man karumi ang inyong mga kasalanan, lilinisin ko iyan para maging malinis kayo."* **ISAIAS 1:18**

Inilarawan ng Diyos ang mga mamamayan ng Israel bilang mga taong tumalikod sa Panginoon (Isaias 1:4). Ngunit hindi ninais ng Diyos na bumalik sila sa Kanya at sumunod nang hindi na nag-iisip. Nais ng Diyos na magkaroon ng tunay na ugnayan sa kanila. Inimbitahan Niya sila na tanggapin ang ibinibigay Niyang pagkakataon na gawin silang malinis—tila hindi kailanman nagkasala. Ang imbitasyong ito ay ibinibigay din Niya sa atin ngayon. Sa halip na magkaroon ng ugnayan na nakasalalay sa paglilingkod at katapatan, ang nais ng Diyos ay tunay at buhay na ugnayan sa bawat isa sa atin upang tayo ay makaranas ng pagbabago at maging mas katulad Niya. Ano ang isang pagkakataon na may nagawa kang sa palagay mo ay hindi na mapapatawad, ngunit naranasan mo pa rin ang biyaya at kapatawaran ng Diyos?

## APPLICATION

- Tinanggap mo na ba ang paanyaya ng Diyos na burahin ang iyong kasalanan at magkaroon ng tunay na ugnayan sa Kanya? Kung hindi pa, gusto mo ba itong gawin ngayon?
- Mayroon bang bahagi sa buhay mo na hindi naaayon sa iyong ugnayan sa Diyos? Paano hinihiling sa iyo ng Diyos na harapin at isaayos ang bagay na ito?
- Bilang asin at ilaw sa mundo, nais ng Diyos na magsalita at kumilos tayo laban sa kawalan ng hustisya at pang-aapi, para sa kapakanan ng mga walang kalaban-laban. Ano ang isang bagay na maaari mong gawin ngayong linggo upang manindigan para sa katuwiran at hustisya? May mga bahagi ba ng buhay mo na dumadagdag sa kawalan ng hustisya? Ano ang maaari mong baguhin?